

## PRESS RELEASE

**4/17/2020**

FOR IMMEDIATE RELEASE  
# 041720

Press Release

**Subject: Long Beach Paganunsoy ng Tatlong Bagong COVID-19 Testing Sites sa Lungsod**

**Contact:** City of Long Beach Joint Information Center  
562.570.NEWS (Media lamang)  
jic@longbeach.gov (Media lamang)  
RESIDENTS: Please call 562.570.INFO

Long Beach, CA – Simula Sabado, Abril 17, mayroong tatlong bagong testing sites sa Long Beach, mahigit tatlong beses ang dami kaysa sa kasalukuyang kakakayahan sa Long Beach.

“Paglawak ng testing ay naging malaking priyoridad at ang tatlong bagong sityo kasama ang ating lokasyon sa Long Beach City College ay magbibigay sa atin ng kakayahan na magsagawa ng mahigit sa 500 na test bawat araw,” ani Mayor Robert Garcia. “Hindi tayo maghihintay pang dumating ang iba pang mga tests pero bibili tayo mismo nang para sa atin nang maalagaan ang Long Beach.”

Ang Lungsod ng Long Beach ay magpapatakbo ng libreng drive-through COVID-19 testing sa dalawang karagdagang mga sityo sa North and West Long Beach, umaalalay sa mga testing sa Rapid Assessment Clinic na kasalukuyang pinatatakbo ng Long Beach Department of Health and Human Services sa Long Beach City College Pacific Coast Campus (PCC). Dagdag pa dito, ang isang bagong sityo ng drive-through testing ay iaalok sa St. Mary Medical Center. Lahat ng mga sityo ay bukas sa publiko sa paghiling ng appointment.

Ang dalawang bagong sityo ng City testing ay bukas pitong araw bawat linggo, mula 10 a.m. hanggang 1 p.m. hanggang may karagdagang abiso at maaaring makamit sa mga lokasyon sa ibaba:

- **Jordan High School, 6500 Atlantic Ave. (pasukan sa Atlantic Avenue)**
- **Cabrillo High School, 2001 Santa Fe Ave. (pasukan sa Santa Fe Avenue at W. Willard Street)**

Pwedeng magpatest sa parehong sityo pag may appointment lamang. Mga appointment sa mismong araw o kinabukasan y para lamang sa mga may sintomas. Habang ang testing ay biniigyang priyoridad ang mga may idad na 65 taon o mahigit o sa mga mayroong kronikong kondisyon ng kalusugan, ang mga may sintomas ng COVID-19 ay maaari din magpatest. Mga indibidwal na interesado ay dapat bumisita sa [COVID-19 testing page](#) at sagutin ang mga pangunahing mga katanungan. Mga residente na walang e-mail o yung mga nangangailangan ng tulong sa pagiskedyul ng appointment ay maring kumontak sa COVID-19 INFO hotline sa (562) 570-INFO (4636).

Ang mga test na gagawin ng sityo ng City ay swab sa bibig na di kailangan ng pagtulong. Inaasahan ng Lungsod na magtest ng humigit kumulang sa 120 katao bawat araw sa bawat bagong sityo.

Mga indibidwal na positibo ang resulta ay aabisohan sa pamamagitan nang email at kokontakin sa telepono ng mga imbestigador ng Long Beach Health Department. Mga indibidwal na negatibo ang resulta ay aabisuhan sa pamamagitan nang email.

Karagdagan, ang sityo ng testing sa St. Mary Medical Center, sa 1050 Linden Ave, ay umaasang magtest ng humigit kumulang sa 200 katao bawat araw sa pasilidad, bukas mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 12 p.m. at 1 p.m. hanggang 4 p.m.

Ang mga bagong datos ng Long Beach ay nagpakita ng di pagkapantay sa positibo at mga kasong na-ospital na-apekto sa komunidad ng Aprikano-Amerikano, kahambing ng national trend. Ang Lungsod ng Long Beach ay matapat na ipapatupad ang pagiging edukado ng mga residente hinggil sa COVID-19 at mayroong nesesaryong akses sa testing ng COVID-19 kung may sintomas. Sa pagdami ng mga libreng lokasyon ng testing sa buong Long Beach, hangarin ng Lungsod na makapagbigay ng maraming oportunidad para sa mga residente, kung sila ay magtest na positibo, para masuportahan habang nasa isolation at makatanggap ng matuling paggamot kung kinakailangan para makaiwas komplikasyon, posibilidad na maospital o pagahawa ng komunidad.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa mga ginagawa ng City of Long Beach para maging ligtas ang ating mga residente, bumisita sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa mga bagong balita, litrato at video at mga patalastas sa mga kaganapan sa Long Beach, sundan kami sa.